Hulyo 5, 2017

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Bilang 79, s. 2017

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2017**

Sa mga: Assistant Schools Division Superintendent
Chief Education Supervisors – CID/SGOD
Education Program Supervisors/Specialists/Coordinators
Public Schools District Supervisors
Elementary/Secondary School Principals/Heads/Officers-in-Charge
Administrative Officer V
(Public and Private Elementary and Secondary Schools)
All Others Concerned

1. Bilang pag-alinsunod sa itinakda ng Proklamasyon Bilang 1041, s. 1997 at sa Memorandum Pangkagawaran Bilang 58, s. 2017, ang Buwan ng Wikang Pambansa 2017 ay ipinagdiriwang sa Agosto 1-31, 2017 sa pamumuno ng Komisyon ng Wikang Pambansa (KWF). Ang paksang-diwa ng pagdiriwang sa taong ito ay **"Filipino: Wikang Mapagbago"**.

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997;
b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito sa nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
c. maganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Kalakip nito ang lingguhang tema na papatnubay at magsisilbing batayan ng lahat ng gawain para sa isang buwang pagdiriwang.

4. Lahat ng gastusin na may kaugnayan sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika ay maaaring manggagaling sa lokal na pondo, PTA, at iba pang maaaring mapagkukunan, at isasailalim ito sa kinagawiang pagsusuma at pag-oodit.

5. Itinatagubilin sa mga Tagamasid Pandistrito ang pagsumite ng pangkalahatang ulat ng kanilang distrito (soft and hard copy) kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2017 kay Dr. Cynthia J. Punsalan, EPS-Filipino, bago sumapit ang ika-15 ng Setyembre, 2017.

6. Hinihiling ang maaga at dagliang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**CLARISSA G. ZAMORA, CESO VI**
Katulong na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Officer-in-Charge
Tanggapan ng Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

Kalakip : Gaya ng nasasaad
Sangunian : Memorandum Pangkagawaran Blg. 58, s. 2017
Pamumudmod : 1-2-3-4 – (Division Memorandum No. 36, s. 1997)
Ilagay sa Palagiang Talatuntunan sa
ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CELEBRATIONS and FESTIVALS
*Learning Area, FILIPINO*
OFFICIALS
STUDENTS
TEACHERS

Republic of the Philippines
# Department of Education

20 MAR 2017

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 58, s. 2017

## BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2017

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pampribadong Paaralan

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang [redacted] tuwing ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 1041, s. 1997. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay [redacted].

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

   a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997;
   b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
   c. maganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Ang lingguhang paksa sa loob ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

   a. Wikang Filipino, Susi sa Pagbabago;
   b. Pangangalaga sa Wikang Katutubo, Pagpapayaman sa Wikang Filipino;
   c. Wikang Filipino: Wika ng Maka-Filipinong Saliksik; at
   d. Pagsasalin, Mahalaga sa Bago at Mapagbagong Karunungan.

4. Ang mga nabanggit na lingguhang paksa ang papatnubay at magsisilbing batayan ng lahat ng gawaing bubuuin at isasagawa sa isang buwang pagdiriwang. Hindi ito nakaayos ayon sa pagkakasunod-sunod upang magkaroon ng kalayaan ang lahat sa pagpaplano ng programa.

5. Para sa ibang detalye o impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa:

   Komisyong sa Wikang Filipino
   Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
   San Miguel, Maynila
   Telepono: (02) 736-2525, (02) 736-2524, (02) 735-2519
   Email: komfil@kwf.gov.ph; komisyonsawikangfilipino@gmail.com
   Website: www.kwf.gov.ph

6. Hinihiling ang mabilis at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**ATTY. ALBERTO T. MUYOT**
Pangalawang Kalihim
Nanunungkulang Kalihim

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran Blg. 24, s. 2016

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
LEARNING AREA, FILIPINO

APA R-Buwan ng Wikang Pambansa 2017
0253/March 11, 2017